FACT SHEET PARA SA MGA TATANGGAP AT MGA TAGAPAG-ALAGA

EMERHENSIYANG OTORISASYON NG PAGGAMIT (EUA) NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19 UPANG MAIWASAN ANG SAKIT NA CORONAVIRUS 2019 (COVID-19)

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay pinahintulutan para sa paggamit sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda kung saan ang iba pang pinahintulutan o naaprubahan ng FDA na mga bakuna sa COVID-19 ay hindi maaabot o klinikal na naaangkop, at para sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda na piniling tumanggap ang Bakunang Janssen COVID-19 dahil hindi sila makakatanggap ng bakunang COVID-19. Ang bakuna ng Janssen COVID-1 ay maaaring magdulot ng mga pamumuo ng dugo na may mababang antas ng mga platelet (mga selula ng dugo na tumutulong sa iyong katawan na huminto sa pagdurugo), na maaaring nakamamatay.

Inaalok sa iyo ang Bakunang Janssen COVID-19 upang maiwasan ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) sanhi ng SARS-CoV-2 dahil kasalukuyang may pandemya ng COVID-19.

Ang Fact Sheet na ito ay naglalaman ng impormasyon upang matulungan kang maunawaan ang mga panganib at benepisyo ng pagtanggap ng Bakunang Janssen COVID-19.

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay maaaring mapigilan ka na magkaroon ng COVID-19.

Basahin ang Fact Sheet na ito para sa impormasyon tungkol sa Bakunang Janssen COVID-19. Makipag-usap sa taga-bigay ng bakuna kung mayroon kang mga katanungan.

Ang Janssen COVID-19 Vaccine ay nakatanggap ng EUA mula sa FDA upang ibigay ang mga sumusunod na dosis sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda para kaninoang ibang mga bakunang COVID-19 na pinahintulutan o naaprubahan ng FDA ay hindi maaabot o klinikal na naaangkop, at sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda na piniling tumanggap ng Bakunang Janssen COVID-19 dahil hindi sila makakatanggap ng bakunang COVID-19:

- Isang solong dosis ng pangunahing pagbakuna
- Isang solong dosis ng booster pagkatapos makumpleto ang pangunahing pagbaBakunang Bakunang Janssen COVID-19.
- Isang solong dosis ng booster pagkatapos makumpleto ang pangunahing pagbabakuna ng ibang awtorisado o naaprubahang bakuna sa COVID-19.

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay maaaring hindi maprotektahan ang lahat.

Ang Fact Sheet na ito ay maaaring na-update na. Para sa pinakabagong Fact Sheet, mangyaring bisitahin ang www.janssencovid19vaccine.com.

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN BAGO KUMUHA NG BAKUNANG ITO

ANO ANG COVID-19?

Ang COVID-19 ay sanhi ng isang coronavirus na tinatawag na SARS-CoV-2. Ang ganitong uri ng coronavirus ay hindi pa nakita dati. Maaari kang makakuha ng COVID-19 sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao na mayroong virus. Ito ay isang pangunahing sakit sa paghinga na maaaring

makaapekto sa iba pang mga bahagi ng katawan. Ang mga taong may COVID-19 ay mayroong malawak na hanay ng mga sintomas na naiulat, mula sa banayad na sintomas hanggang sa matinding karamdaman. Ang mga sintomas ay maaaring lumitaw 2 hanggang 14 araw pagkatapos pagkakalantad sa virus. Ang karaniwang mga sintomas nito ay ang: lagnat o panginginig; ubo; hirap sa paghinga; pagkapagod; pananakit ng kalamnan o katawan; sakit ng ulo; pagkawala ng panlasa o pang-amoy; namamagang lalamunan; baradong ilong o sipon; pagduwal o pagsusuka; pagtatae.

ANO ANG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay isang hindi inaprubahang bakuna na maaaring maiwasan ang COVID-19.

Sa ilalim ng EUA, pinahintulutan ng FDA ang pang-emerhensiyang paggamit ng Bakunang Janssen COVID-19 upang maiwasan ang COVID-19 sa mga indibidwal na 18 taong gulang pataas kung kanino ang ibang mga bakunang COVID-19 na pinahintulutan o inaprubahan ng FDA ay hindi maaabot o klinikal na naaangkop, at sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda na piniling tumanggap ng Bakunang Janssen COVID-19 dahil hindi sila makakatanggap ng bakunang COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon sa EUA, tingnan ang "**Ano ang Emergency Use Authorization(EUA)?"**seksyon sa dulo ng Fact Sheet na ito.

ANO ANG DAPAT MONG BANGGITIN SA IYONG TAGAPAGBIGAY NG BAKUNA BAGO KA MAGPABAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Sabihin sa tagapagbigay ng bakuna ang tungkol sa lahat ng iyong mga kondisyong medikal, kabilang kung ikaw ay:

- may anumang mga alerhiya
- may lagnat,
- may sakit sa pagdurugo o nasa pampanipis ng dugo
- kailanman ay nagkaroon ng mababang antas ng mga platelet (mga selula ng dugo na tumutulong sa iyong katawan na huminto sa pagdurugo),
- mga immunocompromised o nasa ilalim ng gamutan na nakakaapekto sa iyong immune system,
- buntis o nag pa-plano magbuntis,
- nagpapasuso,
- nakatanggap ng iba pang bakuna sa COVID-19.
- ay kailanman nahimatay kasama ng isang iniksyon

SINO ANG DAPAT NA MAKAKUHA NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Pinahintulutan ng FDA ang emerhensiyang paggamit ng Bakunang Janssen COVID-19 sa mga indibidwal na 18 taong gulang pataas kung saan ang ibang mga bakunang COVID-19 na pinahintulutan o inaprubahan ng FDA ay hindi maaabot o klinikal na naaangkop, at sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda na piniling tumanggap ng Bakunang Janssen COVID-19 dahil hindi sila makakatanggap ng bakunang COVID-19.

SINO ANG HINDI DAPAT MAGPABAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Hindi ka dapat magpabakuna ng Bakunang Janssen COVID-19 kung ikaw ay:

- ay nagkaroon ng isang matinding reaksyon ng alerhiya pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakunang ito.
- nagkaroon ng malubhang reaksiyong alerhiya sa anumang sangkap ng bakunang ito.
- nagkaroon ng namuong dugo kasama ng mababang antas ng mga platelet (mga selula ng dugo na tumutulong sa iyong katawan na huminto sa pagdurugo) kasunod ng bakuna sa COVID-19 na Janssen o kasunod ng bakunang COVID-19 ng Astra Zeneca (hindi awtorisado o inaprubahan sa Estados Unidos).

ANO ANG MGA SANGKAP NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Kabilang ang mga sumusunod na sangkap ng Bakunang Janssen COVID-19 ay ang mga: recombinant, replication-incompetent adenovirus type 26 na nagpapahayag ng SARS-CoV-2 spike protein, citric acid monohydrate, trisodium citrate dihydrate, ethanol, 2-hydroxypropyl-β-cyclodextrin (HBCD), polysorbate80, sodium chloride.

PAANO IBINIBIGAY ANG BAKUNA NA JANSSEN COVID -19?

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay ibibigay sa iyo bilang iniksyon sa kalamnan.

Pangunahing Bakuna:

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay ibinibigay bilang isang solong dosis.

Dosis ng Booster:

- Ang isang solong dosis ng booster ng Bakunang Janssen COVID-19 ay maaaring maibigay nang hindi bababa sa dalawang buwan pagkatapos ng pangunahing pagbakuna ng Bakunang Janssen COVID-19.
- Ang isang solong dosis ng booster ng Bakunang Janssen COVID-19 ay maaaring ibigay pagkatapos makumpleto ang pangunahing pagbabakuna na may ibang awtorisado o naaprubahang bakuna sa COVID-19. Mangyaring suriin sa iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan tungkol sa pagiging karapat-dapat para sa oras ng dosis ng booster.

GINAMIT NA BA ANG BAKUNANG JANSSEN COVID-19 NOON?

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay isang hindi naaprubahang bakuna. Sa mga klinikal na pagsubok, mahigit 61,000 indibidwal na 18 taong gulang pataas ang nakatanggap ng Bakunang Janssen COVID-19. Milyun-milyong indibidwal ang nakatanggap ng bakuna sa ilalim ng EUA mula noong Pebrero 27, 2021.

ANO ANG MGA BENEPISYO NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay nakitaan na nakakapigil sa COVID-19. Ang tagal ng proteksyon nito laban sa COVID-19 ay kasalukuyang hindi pa nalalaman.

ANO ANG MGA PANGANIB NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Kabilang ang mga naiulat na masamang epekto sa Bakunang Janssen COVID-19 ay ang mga:

- Mga reaksyon sa lugar ng pag-iniksyon: sakit, pamumula ng balat at pamamaga.
- Pangkalahatang masamang epekto: sakit ng ulo, sobrang pagod, pananakit ng kalamnan, pagduwal, at lagnat.
- Pamamaga ng mga lymph nodes
- Nagmumuong dugo
- Hindi karaniwang pakiramdam sa balat (tulad ng pangingit o isang gumagapang na pakiramdam) (paresthesia), nabawasan ang pakiramdam o pagkasensitibo, lalo na sa balat (hypoesthesia)
- Patuloy na ingay (tinnitus)
- Pagtatae, pagsusuka

<u>Malubhang Mga Reaksyon na Allergic</u>

Malayong magkaraon ng pagkakataon na ang Bakunang Janssen COVID-19 ay maaaring maging sanhi ng isang malalang reaksiyong alerhiya. Ang isang malalang reaksyon ng alerhiya ay karaniwang magaganap sa loob ng ilang minuto hanggang isang oras pagkatapos makakuha ng dosis ng Bakunang Janssen COVID-19. Sa kadahilanang ito, maaaring hilingin sa iyo ng iyong tagapagbigay ng pagbabakuna na manatili sa lugar kung saan mo natanggap ang iyong bakuna para sa pagsubaybay pagkatapos ng pagbabakuna. Ang mga palatandaan ng isang malalang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang mga:

- Paghihirap sa paghinga,
- Pamamaga ng iyong mukha at lalamunan,
- Mabilis na tibok ng puso,
- Pamamantal ng iyong buong katawan,
- Pagkahilo at panghihina.

<u>Mga Namumuong Dugo na may Mababang Mga Antas ng Platelet</u>

Ang mga pamumuo ng dugo na kinasasangkutan ng mga daluyan ng dugo sa utak, baga, tiyan, at mga binti kasama ang mababang antas ng mga platelet (mga selula ng dugo na tumutulong sa iyong

katawan na itigil ang pagdurugo), ay nangyari sa ilang mga tao na nakatanggap ng Bakunang Janssen COVID-19. Sa mga taong bumuo ng mga clots ng dugo na ito at mababang antas ng mga platelet, ang mga sintomas ay nagsimula ng humigit-kumulang isa hanggang dalawang linggo pagkatapos ng pagbabakuna. Ang mga namuong dugo na may mababang antas ng mga platelet kasunod ng Bakunang Janssen COVID-19 ay naiulat sa mga lalaki at babae, sa malawak na hanay ng edad ng mga indibidwal na 18 taong gulang pataas; ang pag-uulat ay pinakamataas sa mga babaeng edad 30 hanggang 49 taon. (mga 8 kaso para sa bawat 1,000,000 na dosis ng bakuna na ibinibigay), at humigit-kumulang 1 sa 7 kaso ang nakamamatay. Dapat kang humingi ng medikal na atensiyon kaagad kung mayroon kang alinman sa mga sumusunod na sintomas pagkatapos matanggap ang Bakunang Janssen COVID-19:

- Hirap sa paghinga
- Pananakit ng dibdib
- Pamamaga ng binti
- Patuloy na pananakit ng tiyan
- Matindi o paulit-ulit na pagsakit ng ulo o malabo ang paningin
- Madaling magkapasa o maliliit na mga batik ng dugo sa ilalim ng balat na lampas sa lugar ng iniksyon

Immune Thrombocytopenia (ITP)

Ang Immune Thrombocytopenia (ITP) ay isang karamdaman na maaaring magdulot ng madali o labis na pasa at pagdurugo dahil sa napakababang antas ng mga platelet. Naganap ang ITP sa ilang tao na nakatanggap ng Bakunang Janssen COVID-19. Sa karamihan ng mga taong ito, nagsimula ang mga sintomas sa loob ng 42 araw pagkatapos matanggap ang Bakunang Janssen COVID-19. Ang posibilidad na mangyari ito ay napakababa. Kung nagkaroon ka na ng diagnosis ng ITP, kausapin ang iyong tagabigay ng bakuna bago mo makuha ang Bakunang Janssen COVID-19. Dapat kang humingi kaagad ng medikal na atensyon kung magkakaroon ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas pagkatapos matanggap ang Bakunang Janssen COVID-19:

- Madali o labis na pasa o maliliit na batik ng dugo sa ilalim ng balat lampas sa lugar ng iniksyon,
- Hindi karaniwan o labis na pagdurugo.

Guillain Barré Syndrome

Ang Guillain Barré syndrome (isang karamdamang neurological kung saan sinisira ng immune system ng katawan ang mga nerve cells, na sanhi ng panghihina ng kalamnan at kung minsan ay napaparalisa) ay naganap sa ilang mga tao na nakatanggap ng Bakunang Janssen COVID-19. Sa karamihan ng mga taong ito, nagsimula ang mga sintomas sa loob ng 42 araw pagkatapos matanggap ang Bakunang Janssen COVID-19. Napakaliit ng pagkakataong mangyari ito. Dapat kang humingi ng medikal na atensiyon kaagad kung nagkakaroon ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas pagkatapos matanggap ang Bakunang Janssen COVID-19:

- Panghihina o pangingilig, lalo na sa mga binti o braso, na lumalala at kumakalat sa ibang bahagi ng katawan.
- Kahirapan sa paglalakad.
- Nahihirapan sa paggalaw ng mukha, kabilang ang pagsasalita, pagnguya, o paglunok.
- Dobleng paningin o kawalan ng kakayahang galawin ang mga mata
- Nahihirapan sa pagkontrol sa pantog o paggana ng bituka.

Maaaring hindi ito ang lahat ng posibleng epekto ng Bakunang Janssen COVID-19. Malubha at hindi inaasahang epekto ay maaaring mangyari. Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay pinag-aaralan pa rin sa mga klinikal na pagsubok.

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN TUNGKOL SA MGA MASAMANG EPEKTO NITO?

Kung ikaw ay nakakaranas ng isang malubhang reaksiyong alerhiya, tawagan ang 9-1-1, o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Tawagan ang tagabigay ng bakuna o ang iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan kung mayroon kang anumang mga masamang epekto na nakakabahala sa iyo o hindi nawawala.

I-ulat ang mga masamang epekto ng bakuna sa **FDA/CDC Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS)**. Ang mga numero ng VAERS para sa libreng tawag ay 1-800-822-7967 o i-ulat online sa https://vaers.hhs.gov/reportevent.html. Mangyaring isama ang "Bakunang Janssen COVID-19 EUA" sa unang linya ng kahon #18 ng form ng ulat.

Bilang karagdagan, maaari kang mag-ulat ng mga masamang epekto ng Janssen Biotech, Inc. sa impormasyon sa pakikipag-ugnay na ibinigay sa ibaba.

e-mail	**Numero ng Fax**	**Numero ng Telepono**
JNJvaccineAE@its.jnj.com	215-293-9955	US Toll Free: 1-800-565-4008 US Toll: (908) 455-9922

Maaari ka ring bigyan ng pagpipilian upang magpatala sa **v-safe**. Ang **V-safe** ay isang bagong kusang-loob na kagamitan na batay sa smartphone na gumagamit ng pagmemensahe ng text at mga survey sa web upang ma-check ang mga taong nabakunahan upang makilala ang mga potensyal na masamang epekto pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19. Nagtatanong ang **V-safe** na tumutulong sa CDC na subaybayan ang kaligtasan ng mga bakunang COVID-19. Nagbibigay din ang **V-safe** ng live na pagsubaybay sa telepono ng CDC kung ang mga kalahok ay nag-uulat ng isang makabuluhang epekto sa kalusugan kasunod ng pagbabakuna sa COVID-19. Para sa karagdagang impormasyon kung paano mag sign-up, bisitahin ang: www.cdc.gov/vsafe

PAANO KUNG MAGPASYA AKO NA HINDI KUMUHA NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Sa ilalim ng EUA, maari kang tumanggap o tumanggi. Kung magpapasya kang hindi tanggapin ang Bakunang Janssen COVID-19, hindi nito babaguhin ang iyong karaniwang pangangalagang medikal.

MAY IBA PA BANG MAGAGAMIT NA BAKUNA UPANG MAIWASAN ANG COVID-19 BUKOD SA BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

COMIRNATY at SPIKEVAX, ay mga bakunang COVID-19 na inaprubahan ng FDA. Ang iba pang mga bakuna upang maiwasan ang COVID-19 ay maaari ding magamit. Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay awtorisado lamang kung ang ibang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi maaabot o klinikal na naaangkop, at para sa mga indibidwal na pipili na tumanggap ng Bakunang Janssen COVID-19 dahil hindi sila makakatanggap ng COVID-19 vaccine.

MAAARING BA AKONG MAKATANGGAP NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19 SA PAREHONG PANAHON NG IBANG BAKUNA?

Ang data ay hindi pa naisumite sa FDA sa pangangasiwa ng Bakunang Janssen COVID-19 kasabay ng iba pang mga bakuna. Kung isinasaalang-alang mo ang pagtanggap ng Bakunang Janssen COVID-19 kasama ng iba pang mga bakuna, talakayin ang iyong mga pagpipilian sa iyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan.

PAANO KUNG AKO AY BUNTIS O NAGPAPASUSO?

Kung ikaw ay buntis o nagpapasuso, talakayin ang iyong mga pagpipilian sa iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan.

MABIBIGYAN BA AKO NG COVID-19 NG BAKUNANG JANSSEN COVID-19?

Hindi. Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay hindi naglalaman ng SARS-CoV-2 at hindi ka mabibigyan ng COVID-19.

ITAGO ANG IYONG VACCINATION CARD

Kapag natanggap mo ang Bakunang Janssen COVID-19, makakakuha ka ng vaccination card upang idokumento ang pangalan ng bakuna at petsa kung kailan mo natanggap ang bakuna.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kung mayroon kang mga katanungan o upang maabot ang pinakabagong Bakunang Janssen COVID-19 Fact Sheets, i-scan ang QR code gamit ang iyong aparato, bisitahin ang website o tawagan ang mga numero ng telepono na ibinigay sa ibaba.

QR Code	Website ng Fact Sheets	Numero ng Telepono
	www.janssencovid19vaccine.com.	US Toll Free: 1-800-565-4008 US Toll: (908) 455-9922

PAANO AKO MATUTUTO NG HIGIT PA?

- Magtanong sa iyong tagapagbigay ng bakuna
- Bisitahin ang CDC sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html.
- Bisitahin ang FDA at https://www.fda.gov/emergency-preparedness-and-response/mcm-legal-regulatory-and-policy-framework/emergency-use-authorization.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal o estado ng pampublikong departamento ng kalusugan.

SAAN ITATALA ANG AKING IMPORMASYON NG PAGBABAKUNA?

Maaaring isama ng tagapagbigay ng pagbabakuna ang iyong impormasyon sa pagbabakuna sa Sistema ng Impormasyon sa Imunisasyon (IIS) ng iyong estado / lokal na hurisdiksyon o ibang itinalagang sistema. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbisita sa IIS: https://www.cdc.gov/vaccines/programs/iis/about.html.

PAGBABAYARIN BA AKO PARA SA PANGANGASIWA PARA SA PAGTANGGAP NG BAKUNANG COVID-19?

Hindi. Sa pagkakataong ito, hindi ka maaaring singilin ng tagapagbigay para sa dosis ng bakuna at hindi ka maaaring singilin ng bayad sa pangangasiwa ng bakuna na galing sa iyong sariling bulsa o anumang iba pang bayad kung tumatanggap ka lamang ng bakuna sa COVID-19. Gayunpaman, ang mga tagabigay ng bakuna ay maaaring humingi ng naaangkop na pagsauli ng bayad mula sa isang programa o plano na sumasaklaw sa mga bayarin sa pangangasiwa ng bakuna ng COVID-19 para sa tatanggap ng bakuna (pribadong insurance, Medicare, Medicaid, HRSA COVID-19 na Programang Uninsured para sa mga tatanggap na hindi-insured).

SAAN AKO MAAARING MAGSUMBONG NG MGA KASO NG MGA PINAGHIHINALAANG PANDARAYA?

Ang mga indibidwal ay nagkakaroon na ng kamalayan sa anumang potensyal na paglabag sa mga kinakailangan sa Programa ng Pagbabakuna ng CDC COVID -19 ay hinihikayat na iulat ang mga ito sa Opisina ng Inspektor Heneral, Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S., sa 1-800-HHS-TIPS o TIPS.HHS.GOV.

ANO ANG PROGRAMANG KOMPENSASYON PARA SA PINSALANG COUNTERMEASURE?

Ang Countermeasures Injury Compensation Program (CICP) ay isang pederal na programa na maaaring makatulong sa pagbabayad para sa mga gastos sa pangangalagang medikal at iba pang mga tukoy na gastos para sa ilang mga tao na malubhang nasugatan ng ilang mga gamot o bakuna, kabilang ang bakunang ito. Pangkalahatan, ang isang paghahabol ay dapat na isumite sa CICP sa loob ng isang (1) taon mula sa petsa ng pagtanggap ng bakuna. Upang matuto nang higit pa tungkol sa program na ito, bisitahin ang www.hrsa.gov/cicp o tumawag sa 1-855-266-2427.

ANO ANG EMERGENCY USE AUTHORIZATION (EUA)?

Ginawa ng United States FDA ang Bakuang Janssen COVID-19 na magagamit sa ilalim ng mekanismo ng emergency access na tinatawag na EUA. Ang EUA ay suportado ng isang Kalihim ng Pangkalusugan at Mga Serbisyo sa Tao (HHS) pagpapahayag na ang mga pangyayari ay umiiral upang mabigyang katwiran ang emerhensiyang paggamit ng mga gamot at biyolohikal na produkto sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Ang Bakunang Janssen COVID-19 ay hindi sumailalim sa parehong uri ng pagsusuri bilang isang inaprubahan o nalinaw na produkto ng FDA. Maaaring maglabas ang FDA ng isang EUA kapag natutugunan ang ilang mga pamantayan, na kinabibilangan ng walang sapat, naaprubahan, at magagamit

na mga alternatibo. Bilang karagdagan, ang desisyon ng FDA ay batay sa kabuuan ng siyentipikong ebidensya na magagamit na ipinapakita na ang produkto ay maaaring maging epektibo upang maiwasan ang COVID-19 sa panahon ng pandemyang COVID-19 at ang kilala at potensyal na benepisyo ng produkto ay nakahihigit sa kilala at potensyal na peligro ng produkto. Ang lahat ng mga pamantayan na ito ay dapat matugunan upang payagan ang produkto na magamit sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Ang EUA para sa Bakunang Janssen COVID-19 ay may bisa sa tagal ng deklarasyon ng COVID-19 na binibigyang katwiran ang paggamit ng emerhensiyang mga produktong ito, maliban kung natapos o binawi (pagkatapos na ang mga produkto ay maaaring hindi na magagamit).

Ginawang:
Janssen Biotech, Inc.
isang Janssen Pharmaceutical Company of Johnson & Johnson
Horsham, PA 19044, USA

janssen | PHARMACEUTICAL COMPANIES OF Johnson & Johnson

© 2021 Janssen Pharmaceutical Companies

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa US Toll Free: 1-800-565-4008, US Toll: (908) 455-9922 or bisitahin ang www.janssencovid19vaccine.com

Nirebisa: May/05/2022

I-scan upang makunan na ang Fact Sheet na ito ay ibinigay sa tatanggap ng bakuna para sa mga electronic medical records / sistema ng impormasyon ng pagbabakuna.

GDTI: 0886983000363